# Humahanap...

*Joseph C. Eco, EdD*

Tila punyal na ang hawaka'y may katalasan,
Pinipilit iwasto ang nakasanayang hindi hawakan.
Nakampante sa pansamantalang katahimikan,
Itinarak yaring punyal sa may kaibuturan.

Sa dakong Silangan, may mga pag-aasam,
Siguro'y panahon na ng tunay na paglisan.
Ang pagyapak ng paa, pagtugon sa kinabukasan
Harapin, tamis-pait nitong Hilagang kinalalatagan.

Hanapin ang puwang, kahit walang kasiguro,
Babagtasin ang lansangan, sisikaping ipagtanto.
Higit pa sa paglalakbay ang panahon ko rito,
May darating din na tamang tiyempo.

At alam kong ang paghahanap ay magtatapos
Pagkat ang kagustuhan ang nasunod ng puso.
Ipinagpa-sa Bathala, lahat ng lubos,
Matatagpuan din ang puwang, sa panahong husto.

Humahanap.